

# Aralin sa Filipino

© 2012 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Talâ: salitang-ugat - *root word*, pantig - *syllable*, panlapi - *affix*, unlapi - *prefix*, gitlapi - *infix*, hulapi - *suffix*, pang-uri - *adjective*, pandiwa - *verb*

## Pagbubuo ng mga Salita: Maylapi

Isang paraan ng pagbuo ng salita ay ang pagdagdag ng isa, dalawa, o tatlong panlapi sa salitang ugat. Ang **panlapi** ay isa o ilang pantig na idinaragdag sa unahan, gitna, o hulihan ng isang salitang-ugat upang makabuo ng bagong salita.

Ang mga sumusunod na halimbawa ng mga salitang maylapi ay nakaayos na paalpabeto. Kapag pinalitan o tinanggal ang unang titik ng salitang-ugat, ang salitang maylapi ay sinusundan ng salitang-ugat sa loob ng panaklong.

### Unlapi

Ang **unlapi** ay panlapi na idinaragdag sa unahan ng salitang-ugat. May ilang pagbabago rin sa mga salitang-ugat na nagsisimula sa mga titik **b**, **p**, **d**, **l**, **r**, **s**, o **t** kapag ang mga ito ay inuunlapian.

Ang mga unlaping nagtatapos sa **ng** tulad ng *ipang-*, *kasing-*, *magkasing-*, *mang-*, *mapang-*, *pang-*, *sing-*, at *sang-* ay nagiging *ipam-*, *kasim-*, *magkasim-*, *mam-*, *mapam-*, *pam-*, *sim-*, at *sam-* kapag ang mga ito ay kinakabit sa mga salitang-ugat na nagsisimula sa titik **b** o **p**. Ang **ng** ng unlapi ay napapalitan ng titik **m**.

Halimbawa, ang salitang-ugat na *bansa* ay nagiging *pambansa*. Madalas din na tinatanggal ang unang titik ng salitang-ugat na nagsisimula sa **b** o **p**. Halimbawa, ang salitang-ugat na *bili* ay nagiging *mamili* (*mam-* + *bili*).

Kapag idinaragdag naman ang mga unlaping nagtatapos sa **ng** sa mga salitang-ugat na nagsisimula sa mga titik **d**, **l**, **r**, **s**, o **t**, ang **ng** ay pinapalitan **n**. Ang mga unlaping *ipang-*, *kasing-*, *magkasing-*, *mang-*, *mapang-*, *pang-*, *sing-*, at *sang-* ay nagiging *ipan-*, *kasin-*, *magkasin-*, *man-*, *mapan-*, *pan-*, *sin-*, at *san-*.

Halimbawa, ang salitang-ugat na *sarap* ay nagiging *kasinsarap*, at ang *luto* ay nagiging *ipanluto*. May mga salitang-ugat din na kapag inuunlapian ay tinatanggalan ng unang titik. Halimbawa, ang salitang-ugat na *takot* ay nagiging *manakot* (*man-* + *takot*).

Kapag inuunlapian ang ibang mga salitang-ugat na nagtatapos sa titik **d**, ang **d** ay pinapalitan ng **r**. Halimbawa, ang salitang-ugat na *dumi* ay nagiging *marumi* (*ma-* + *dumi*), at ang *dami* ay nagiging *marami* (*ma-* + *dami*).

May mga salitang-ugat na nagsisimula sa titik **d** na hindi pinapalitan ng **r** kapag ang mga ito ay inuunlapian. Halimbawa, ang salitang-ugat na *damo* ay nagiging *madamo* (*ma-* + *damo*) at hindi *maramo*.

## Mga halimbawa ng salitang may unlapi

- de-* de-baterya, de-bote, de-gulong, de-kahon, de-kalidad, de-kolor, de-kurbata, de-kuryente, de-lata, de-mano, de-motor, de-salamin, de-serye, de-susi
- ga-* gabahay, gabundok
- i-* iakyat, ialok, iangkas, ibabad, ibalik, ibalita, ibahagi, ibenta, ibigay, ibili, iboto, ibulsa, ibuwis, idagdag, idahilan, idaing, idamay, ideklara, idemand, idiin, idilat, idulot, igisa, igitna, iguhit, igupit, ihain, ihalal, ihalo, ihanda, ihandog, iharap, ihiwalay, ihukay, ikabit, ikait, ikaway, ikadena, ikuha, ikumusta, ikuwento, ilaan, ilagay, ilarawan, ilibing, ilibre, ilipat, ilista, ilubog, ilunsad, ipahid, ipako, ipalit, ipalo, ipantay, ipara, iparada, ipareho, iparis, ipasa, ipasok, ipatong, ipayo, ipilit, ipinta, ipintura, iplano, ipreso, iprito, ipunas, ipusta, iputol, ipuwesto, iregalo, ireklamo, isaad, isabit, isabog, isabon, isagad, isagot, isahog, isaing, isakay, isaklolo, isakripisy, isaksak, isali, isulat, isugal, isuot, itago, itakas, itali, itanim, isali, isalin, isalo, isama, isampa, isampay, isapin, isara, isawsaw, isayaw, isigaw, isilang, isinga, isumpa, isumbong, isuot, itaas, itabi, itaboy, itaga, itaguyod, itakas, itakbo, italaga, itali, itama, itambal, itanong, itapal, itapat, itapon, itawad, itaya, itimpla, itira, itulak, ituloy, ituro, iugnay, iuna, iurong, iutos, iuwi, iwala, iwasto
- ika-* ikaapat, ikabagabag, ikabahala, ikabalisa, ikabuhay, ikabuti, ikadalawa, ikagalit, ikagalak, ikaganda, ikagulat, ikaisa, ikalabing-isa, ikalawa, ikaligaya, ikalima, ikalimampu, ikaloko, ikalugi, ikalungkot, ikamatay, ikapagod, ikapayat, ikapito, ikasampu, ikasandaan, ikasanlibo, ikasawi, ikasyaya, ikasuklam, ikatakot, ikatatto, ikatawa, ikatiwala, ikatuwa, ikauna, ikaunlad, ikayaman
- ikapag-* ikapag-antok, ikapag-away, ikapagdalamhati, ikapaghinala, ikapaghirap, ikapag-isip, ikapaglasing, ikapagpigel
- in-* inabala, inabot, inabus, inagaw, inahit, inakay, inako, inakyat, inalis, inaliw, inangkin, inanyaya, inapi, inaral, inasam, inawit, iniba, inibig, inihaw, inikot, inimbak, inimbento, ininit, inintindi, ininom, inimpok, inipit, inipon, iniwan, inukit, inulat, inulit, inuna, inuntog, inurong, inutang, inutos, inuwi
- ipa-* ipaalaga, ipaalam, ipaalis, ipaamoy, ipaarkila, ipaayos, ipababa, ipabahala, ipabalita, ipabalot, ipabaon, ipabuhat, ipadala, ipadampot, ipagawa, ipagamit, ipagamot, ipagiba, ipagitna, ipagunita, ipahalata, ipahamak, ipahayag, ipahilot, ipahiram, ipahiwatig, ipahuli, ipailalim, ipakain, ipakasal, ipakilala, ipakita, ipakopya, ipalabas, ipalibing, ipaligo, ipalimbang, ipalinaw, ipalinis, ipalista, ipaluto, ipamana, ipapulot, ipasabi, ipasalo, ipasulat, ipatahi, ipatago, ipatapon, ipatapos, ipatayo, ipatupad, ipaubos, ipaulit, ipautang
- ipag-* ipag-ahit, ipagbalot, ipagbantay, ipagbawal, ipagbayad, ipagbili, ipagbilin, ipagbuhat, ipagdasal, ipagdiwang, ipagguhit, ipaghakot, ipaghanda, ipaghiganti, ipaghiwa, ipaghugas, ipaghukay, ipagkaila, ipagkait, ipagkalat, ipagkanta, ipaglaan, ipaglaban, ipaglihim, ipagluto, ipagmaramot, ipagpalit, ipagpaumanhin, ipagsama, ipagtaka, ipagtahi, ipagtapat, ipagtimpla, ipagtira, ipag-utos, ipagyabang

<i>ipagka-</i>	ipagkabahala, ipagkaiba, ipagkaisa, ipagkait, ipagkaloob, ipagkamali, ipagkapuri, ipagkasundo, ipagkatiwala
<i>ipagpa-</i>	ipagpaalam, ipagpabingwit, ipagpabukas, ipagpagawa, ipagpagamot, ipagpahuli, ipagpaibang-araw, ipagpaliban, ipagpalinis, ipagpamamaya, ipagpapalit, ipagpatayo, ipagpasikat, ipagpatawad, ipagpatuloy, ipagpaumaga, ipagpauna
<i>ipam-</i>	ipamahagi (bahagi), ipamalita (balita), ipambato, ipambili/ipamili, ipambutas, ipamigay (bigay), ipampahid, ipampulot, ipampunas/ipamunas (punus)
<i>ipan-</i>	ipandilig, ipanlinis, ipanluto, ipansandok, ipansimba, ipantali
<i>ipang-</i>	ipang-abay, ipang-ahit, ipanganak, ipanggapos, ipangaral, ipanggamot, ipangguhit, ipanggupit, ipanghalo, ipanghingi, ipanghiram, ipanghiwa, ipanghukay, ipanghuli, ipangngalan, ipangsipilyo
<i>ipinag-</i>	ipinagbawal, ipinagbili, ipinagdala, ipinagkaila, ipinagkait, ipinaglaban, ipinaglihi, ipinagluto, ipinagmalaki, ipinagsama, ipinag-utos
<i>isa-</i>	isaaklat, isabalikat, isabote, isabuhay, isadiwa, isadula, isa-Filipino, isagawa, isailalim, isa-Inggles, isaisantabi, isaisip, isalata, isaloob, isaoras, isapanganib, isapelikula, isapuso, isatestamento, isatono, isaulo
<i>ka-</i>	kaagapay, kaagaw, kaakbay, kaanak, kaaway, kabagay, kabarkada, kabaro, kabati, kabiyak, kadamay, kadugo, kagalit, kagaya, kahalo, kahanay, kahati, kahawig, kahugis, kaisa, kakampi, kaklase, kalahok, kalaro, kakulay, kalaban, kalahi, kalihim, kamukha, kapalit, kapangalan, kapantay, kapareho, kapares, karamay, kasabay, kasangkot, kasama, kasundo, katabi, katiwala, katugma, katulad, katulong, katumbas, katunggali
<i>kasim-</i>	kasimbagal, kasimbago, kasimbagsik, kasimbaho, kasimbait, kasimbangis, kasimbango, kasimbata, kasimbigat, kasimbilis, kasimbisa, kasimbuti, kasimpait, kasimpakla, kasimpayat, kasimpino, kasimpula, kasimputi
<i>kasin-</i>	kasindahas, kasindakila, kasindaldal, kasindami, kasindumi, kasindunong, kasinlakas, kasinlaki, kasinlalim, kasinlambot, kasinlamig, kasinlapad, kasinlayo, kasinliit, kasinlinis, kasinluma, kasinlupit, kasinromantiko, kasinsama, kasinsarap, kasinsigla, kasinsikat, kasinsukat, kasintaas, kasintaba, kasintalas, kasintalim, kasintalino, kasintamis, kasintanda, kasintangkad, kasintapang, kasintayog, kasintibay, kasintigas, kasintimbang, kasintunog
<i>kasing-</i>	kasing-alat, kasing-alerto, kasing-edad, kasinggaan, kasinggaling, kasingganda, kasinggulang, kasinghaba, kasinghalaga, kasinghirap, kasinghugis, kasing-init, kasingkahulugan, kasingkapal, kasingkinis, kasingkintab, kasingkulay, kasingku-pad, kasingmahal, kasingnipis, kasingyaman

- ma-* (mga halimbawa na pang-uri) maalat, maamo, maasim, mababa, mabait, mabagsik, mabaho, mabalahibo, mabangis, mabango, mabigat, mabilis, mabuti, madali, madamo, madilim, madulas, magalang, magaling, mahigpit, mahusay, mainam, maingay, mainit, maitim, makinis, malagim, malagkit, malala, malalim, malambing, malamig, malamok, malandi, malangaw, malanggam, malapad, malapit, malasa, malawak, malaya, malyaw, malayo, malikot, malinaw, malinis, maliwanaag, malubak, malubha, malugod, malumbay, malungkot, malupit, malusog, malutong, maluwag, mapait, mapalad, mapera, marahan (dahan), marahas (dahas), maralita (dalita), marami (dami), maramot (damot), marangal (dangal), marapat (dapat), mariin (diin), marilag (dilag), marumi (dumi), marunong (dunong), masagana, masakit, masalapi, masalita, masama, masebo, masigla, masikip, masuwerte, mataas, mataba, matabang, matagal, matakaw, matalas, matalim, matalino, matamis, matanda, matangkad, matao, matapang, matapat, mataray, matatag, matigas, matindi, matipid, matiyaga, mayaman
- ma-* (mga halimbawa na pandiya) maalala, maawa, mabangga, mabasa, mabasag, mabatid, mabigo, mabili, mabingi, magalit, magawa, magulat, magutom, mahalata, mahinto, mahuli, mahulog, mainis, maiwan, maiyak, mahiga, mahiya, makain, makita, makuha, malagas, malaglag, malagot, malakad, maligo, malimot, malinang, maluma, mangawit, mapagod, mapanood, mapansin, marinig (dinig), masabi, masanay, masawi, masayang, masilaw, masira, masunog, matakot, matapos, matira, matulog, matuloy, matupad, matuto, matuwa, maupo
- mag-* mag-aklas, mag-alis, mag-ama, mag-alar, mag-artista, mag-asawa, mag-away, magbaba, magbakasyon, magbantay, magbigay, magbunga, magbus, magdabog, magdoktor, magdyip, maghapon, maghiwalay, mag-ina, mag-isip, magkabila, magkita, maglakad, maglaro, maglinis, magluto, magmano, magnars, mag-Pasko, magpinsan, magsalita, magsauli, magsulat, magtagal, mag-Tagalog, mag-tanong, magtapon, mag-usap, magwalis
- magka-* magka-anak, magkaaway, magkabahay, magkabati, magkadikit, magkagulo, magkahalaga, magkahalo, magkahiwalay, magkaisa, magkakilala, magkakotse, magkalahi, magkamali, magkamukha, magkanegosyo, magkapantay, magkpareho, magkamera, magkaproblema, magkasakit, magkasalubong, magkasugat, magkamukha, magkasundo, magkasunog, magkatotoo, magkatrabaho, magkatulad, magka-urban, magkaugnay, magausap
- magma-* magmadali, magmagaling, magmalaki, magmaliit, magmalinis, magmalupit, magmarunong (dunong), magmataas, magmatigas

<i>magpa-</i>	magpaalipin, magpaalis, magpa-ampon, magpa-apekto, magpaaraw, magpaarkila, magpabakuna, magpabata, magpabayad, magpabigat, magpabili, magpabinyag, magpabunot, magpadagdag, magpadaig, magpagabi, magpagaling, magpagamit, magpagamot, magpagawa, magpagupit, magpahangin, magpahatinggabi, magpahinog, magpahintay, magpahiram, magpa-init, magpainom, magpaiwan, magpakain, magpakasal, magpakilala, magpakita, magpakuha, magpakulay, magpakulo, magpalaba, magpalabas, magpalaki, magpalamig, magpalaya, magpaligaya, magpalimbag, magpalinis, magpaloko, magpaluto, magpapayat, magpapintura, magpaputi, magpaputol, magparehistro, magpasalamat, magpaselos, magpasuso, magpasulat, magpataba, magpatahi, magpatanggal, magpatayo, magpatingin, magpatulog, magpatulong, magpaturo, magpa-uto, magpauwi, magpawalis
<i>magpaka-</i>	magpakaabala, magpakaayos, magpakababae, magpakabait, magpakanbal, magpaketabata, magpaketabayani, magpaketabuti, magpaketadalubhasa, magpaketababi, magpaketagalting, magpaketagutom, magpaketangat, magpaketahirap, magpaketahusay, magpaketkalalaki, magpaketlasing, magpaketlibang, magpaketloko, magpaketamatay, magpaketpagod, magpaketawsa, magpaketasya, magpaketahimik, magpaketato, magpaketatoo, magpaketawala, magpaketayaman
<i>magsa-</i>	magsaahas, magsabalikat, magsabibig, magsadoktor, magsagawa, magsaisip, magsa-Kastila, magsaloob, magsa-pagong, magsapanganib, magsapus, magsawalang-kibo,
<i>magsi-</i>	magsi-alis, magsi-ral, magsi-awit, magsihanda, magsikain, magsikanta, magsilaho, magsilaki, magsilinis, magsingiti, magsitulog, magsitahimik, magsitayo, magsitigil, magsi-upo, magsi-uwi
<i>mai-</i>	maiabot, maiahon, maiakyat, maiangkop, maibaba, maibahagi, maibalik, maibalita, maibangon, maibatay, maibigay, maiguhit, maigupit, maihabol, maihambing, maihanap, maihanda, maihandog, maiharap, maihatid, maihayag, maikalat, maikuwento, mailaan, mailakad, mailibing, mailigpit, mailihim, mailunsad, mailusot, maipantay, maipareho, maiparte, maipasa, maipasiya, maipasyal, maipayo, maipili, maipuna, maipuslit, maireklamo, maisaad, maisabay, mai-sagot, maisalin, maisama, maisangkot, maisauli, maisaysay, maisigaw, maisilang, maisubo, maisulat, maisumbong, maisunod, maisuot, maisuplong, maitaas, maitabi, maitago, maitaguyod, maitakas, maitakda, maitalaga, maitama, maitambal, maitampok, maitangkilik, maitanong, maitapat, maitapon, maitindig, maitirik, maitodo, maitugon, maitulad, maitumbas, maitumpak, maitustos, maitutok, maituwid, maiugnay, maiukol, maiurong, maiwalay, maiwasto
<i>maipa-</i>	maipaalala, maipaaninaw, maipabago, maipabalik, maipabasa, maipabatid, maipabigay, maipabilang, maipabukas, maipadama, maipagawa, maipahayag, maipahila, maipailalim, maipakabit, maipakahulugan, maipakasal, maipakatawan, maipakilala, maipalamuti, maipaliwanag, maipamana, maipamula, maipanahi, maipanalo, maipasundo, maipaunawa

<i>maipag-</i>	maipag-aryl, maipagbayad, maipagbigay-alam, maipagbilin, maipagdala, maipagkait, maipagpalit, maipaglaban, maipaglunas, maipagluto, maipagsaing, maipagsuklay, maipagtanggol, maipagtapat
<i>maka-</i>	maka-ama, makaakyat, makabago, makabalita, makabangga, makabanggit, maka-bangon, makabasa, makabasag, makabayad, makabayan, makabili, makahalata, maka-hanap, maka-ina, makakain, makakita, makalangoy, makalimot, makali-pad, makaluma, maka-Marcos, makamasa, makapansin, makapatay, makapunta, makaraos, makatakas, makatapos, makatulog
<i>makapag-</i>	makapag-ampon, makapag-aryl, makapag-asawa, makapagbago, makapagbasa, makapagbayad, makapagbenta, makapagbili, makapagdasal, makapaghintay, makapag-ikot, makapag-ingat, makapag-ilon, makapag-isa, makapag-isip, maka-paglakad, makapaglakbay, makapaglaro, makapaglayag, makapaglibot, maka-paglingkod, makapagluto, makapagpiyansa, makapagsabi, makapagsalita, maka-pagsarili, makapagsaya, makapagsilbi, makapagsuklay, makapagtaka, makapagtapos, makapagtiiis, makapagtivid, makapagtiron, makapagtrabaho, makapagturo, makapag-umpisa, makapag-usap, makapag-uwi
<i>maki-</i>	makiagaw, makialam, makibagay, makihalo, makiinom, makiisa, makiain, maki-kanta, makilahok, makilaro, makipitas, makiraan (daan), makiramay (damay), makisali, makisakay, makisama, makitawag, makitulog, makiupo, makiuso
<i>makipag-</i>	makipag-ani, makipag-areglo, makipag-away, makipag-ayos, makipagbaka, makipagdebate, makipaghiwalay, makipagkaibigan, makipagkamay, makipagkita, makipaglibing, makipaglaban, makipaglaro, makipagluto, makipagpadala, makipagpanayam, makipagtalo, makipag-ugnay, makipag-usap
<i>mala-</i>	malabuhok, malagata, malagatas, malakanin, malaparaiso, mala-reyna
<i>mam-</i>	mamaho (baho), mamalagi (palagi), mamalita (balita), mamalo (palo), mamangka (bangka), mamaos (paos), mamasko (Pasko), mamasyal (pasyal), mamaybay (bay-bay), mambabae, mambatikos, mambighani, mambiro, mambola, mamihasa (bi-hasa), mamili (bili), mamilit (pilit), maminsala (pinsala), mamintas (pintas), mamitas (pitas), mamukod (bukod), mamuhay (buhay), mamula (pula), ma-mulaklak (bulaklak), mamulot (pulot), mamulubi (pulubi), mamunga (bunga), mamuno (puno), mamutla (putla)
<i>man-</i>	manabik (sabik), manadya (sadya), managot (sagot), manahi (tahi), manahimik (tahimik), manakit (sakit), manakop (sakop), manakot (takot), mananghali (tang-hali), mandaya, mandiri, mandukot, manigas (tigas), maniil (siil), manira (sira), manlaban, manligaw, manloko, manlupig, manumpa (sumpa), manuntok (suntok), manuyo (suyo)

<i>mang-</i>	mang-abala, mangabayo (kabayo), mang-abuso, mangagat (kagat), mangahoy (kahoy), mang-akit, mangamoy, manganak, mang-api, mangaral, mang-atake, manggaling, manggamot, manggayuma, manggulang, manggulat, manggulo, manghalina, manghikayat, manghiram, manghiwa, manghula, manghuli, mangiba, mangibig, mangilala (kilala), mangitim, mangontra (kontra), manguha (kuha), mangulila, manguna, mangurakot (kurakot), mangurot (kurot), mangusap, manguto, mangutya (kutya), mang-uyam, mangwalis, mangyari
<i>mapa-</i>	mapaabot, mapaakyat, mapaaga, mapaamin, mapaamo, mapabait, mapabalita, mapabuti, mapadako, mapadamay, mapagaling, mapahinahon, mapahiya, mapaiyak, mapakain, mapakintab, mapalaki, mapaligaya, mapaluwas, mapamahal, mapamunga (bunga), mapangiti, mapanukso (tukso), mapapasok, mapasabay, mapasama, mapasigaw, mapatingin, mapatulog
<i>mapag-</i>	mapag-akala, mapag-aruga, mapag-asa, mapagbago, mapagbigay, mapagbintang, mapagbiro, mapagbuti, mapaghanap, mapaghimagsik, mapaghimala, mapaghinala, mapaghunos-dili, mapaghusay, mapag-imbot, mapag-impok, mapag-isaa, mapag-isip, mapag-iwan, mapagkait, mapagkalinga, mapagkasya, mapagkumbaba, mapagkunwari, mapagkupkop, mapagkusa, mapagmahal, mapagmasdan, mapagmata, mapagmilagro, mapagmura, mapagtama, mapagtibay, mapagtiiis, mapagtivid, mapagtiwalaan, mapagyaman
<i>mapam-</i>	mapamigyan (bigyan), mapamihag (bihag), mapaminsala (pinsala)
<i>mapan-</i>	mapandigma, mapanloko, mapaniguro (siguro), mapaniil (siil), mapanira (sira), mapanlaban, mapanlait, mapanlikha, mapanukso (tukso), mapanulsol (sulsol), mapanumbat (sumbat), mapanupil (supil)
<i>mapang-</i>	mapang-abuso, mapang-akit, mapang-alipin, mapang-api, mapanghalina, mapang-hikayat, mapang-udyok, mapang-utos, mapang-uyam
<i>mapasa-</i>	mapasaakin, mapasa-Amerika, mapasaisip
<i>may-</i>	may-akda, may-aryl, may-ari, maybahay, may-bisa, may-budhi, may-buhay, may-diin, may-diwa, maygawa, may-isip, may-kaba, maykatha, may-kaya, may-kusa, maylikha, maylupa, may-malay, may-ngalan, maysakit, maysala, may-salapi, may-suverte, may-taning, may-uri, may-utak
<i>na-</i>	naasar, nabanggit, nabasa, nabasag, nabighani, nabigo, nabiktima, nabihat, nabingi, nabuhay, nabuwag, nadama, nagalit, nagawa, nagising, nagulat, nagutom, nahilo, nahuli, nahulog, nainggit, nainis, nakita, nakuha, nalunod, namulat, napagod, napansin, napikon, narito, nariyan, naroon, nasabi, nasawi, nasaktan, nasira, natabig, natakot, natalo, natapos, natulog, natumba, natuwa, nawala
<i>nag-</i>	nag-aryl, nagbago, nagbasa, nagbintang, naghari, nagkait, nagkalat, nagkusa, naglinis, nagsmagandang-loob, nagmana, nagtayo, nagsalita, nagselos, nagsimba, nagsimula, nagsisi, nagsitata, nagtayo, nagtrabaho, nagtungo, nag-ulat, nagwagi, nagwakas, nagwalis

<i>naka-</i>	nakababad, nakabahagi, nakabaligtad, nakabaon, nakabuka, nakabukas, nakabukod, nakaburol, nakabuti, nakadapa, nakadapo, nakaguhit, nakahanda, nakaharap, nakahiga, nakahilig, nakahilis, nakahimlay, nakahinto, nakahiram, nakahubad, nakainom, nakaitim, nakakain, nakakarga, nakakita, nakakubli, nakalaan, nakalantad, nakalarawan, nakalawit, nakalaya, nakalaylay, nakalayo, nakalibing, nakalimot, nakalitaw, nakalugay, nakalulan, nakalusot, nakangiti, nakapasa, nakasakay, nakasagot, nakasalamin, nakasama, nakasapastos, nakasi-mangot, nakasulat, nakatago, nakatapos, nakatawa, nakatayo, nakatigil, nakatikim, nakatingin, nakatipid, nakatira, nakatitig, nakatiwarik, nakatulog, nakatuon, nakaupo, nakausli
<i>naki</i>	nakiagaw, nakialam, nakihalo, nakiinom, nakiain, nakkilala, nakiayon, naki-bay, nakiaka, nakiramay (damay), nakisabay, nakisabi, nakisakay, nakisalo, nakisama, nakisamo, nakisapi, nakisosyo, nakisuyo, nikitira, nakiuso
<i>nang-</i>	nanggaling, nanghina, nangiba
<i>napa-</i>	napaaga, napabayaan, napabuti, napadako, napaiyak, napalingon, naparito, na-pasama, napasugod, napatingin
<i>napaka-</i>	napakaaga, napakababa, napakabago, napakabait, napakabuti, napakadaldal, napakaganda, napakahinog, napakainam, napakaingay, napakainit, napakalaki, napakalayo, napakaliit, napakalinis, napakalungkot, napakalusog, napakama-hal, napakamura, napakapangit, napakasaya, napakasipag, napakasuwerete, napakatamatad
<i>pa-</i>	paalis, pabaon, pabasa, pabili, pabilis, pabulong, padabog, padala, pahiga, palapit, palayo, palibot, paliko, palubog, pa-Maynila, paraan (daan), parating (dating), pasigaw, patagilid, patayo, patulong, patuloy, pauwi
<i>pag-</i>	pag-akyat, pag-alis, pag-atake, pag-atras, pagbagsak, pagbalik, pagbaril, pag-basa, pagbasag, pagbawi, pagbigkas, pagbiyahe, pagdurog, paggaya, paggunita, paghanga, pagkilala, pagkita, pagkupas, paglabag, paglampa, paglihim, paglipas, paglisan, paglusob, pagpasok, pagpuri, pagsugpo, pagsukat, pagsulat, pagsulpot, pagsunod, pagsunog, pagsuporta, pagtago, pagtahak, pagtahi, pagtawag, pagtula, pagtulak, pagtulong, pagtutol, pag-unawa, pag-ungkat, pag-unlad
<i>pagka-</i>	pagkaakit, pagkaalaala, pagkaalis, pagkaani, pagkaantala, pagkaawa, pagkababae, pagkabagabag, pagkabalisa, pagkabalo, pagkabanal, pagkabanggit, pagkabata, pagkabatid, pagkabayani, pagkabigla, pagkabigo, pagkabihasa, pagkabinata, pagkabinibini, pagkabulag, pagkadalaga, pagkagaling, pagkaganap, pagkagawa, pagkagising, pagkagupit, pagkahilig, pagkahayag, pagkainggit, pagkainip, pagkai-nis, pagkakulang, pagkalalaki, pagkalanta, pagkaligaw, pagkalikha, pagkalimot, pagkalipas, pagkalito, pagkalunsad, pagkamalas, pagkamali, pagkamasusi, pagka-matay, pagkamulat, pagkamusmos, pagkapawi, pagkaposible, pagkasanan, pagka-sawi, pagkaselosa, pagkasilang, pagkasunod, pagkatao, pagkatapos, pagkatawag, pagkatupad, pagkatuto, pagkatuyo, pagkauhaw, pagkaulila, pagkaunawa, pagkaunlad, pagkauntog, pagkawala

<i>pala-</i>	palaaral, palaasa, palaaway, palabasa, palabintang, palabiro, palainom, palakopya, palakuha, palalakad, palangiti, palapunta, palasigarilyo, palasimba, palasuway, palatanong, palatawa, palatawad, palatulog
<i>pam-</i>	pamahid (pahid), pamalit (palit), pamalo (palo), pambahay, pambansa, pambata, pambati, pambato, pambayan, pambihira, pambili, pambukas, pambuo, pambura, pamista (pista), pampito
<i>pan-</i>	panakip (takip)/panakip, panakot (takot), pandagdag, pandalawa, pandekorasyon, panimula (simula), panlaban, panlabas, panlasa, panlima, panlunas, panluto, panrehiyon, panrelihiyon, pansaing, pansamantala, pansampu, pansimba, pansiyam, pantahanan, pantao, pantatto, pantulog, panuklay (suklay)/pansuklay
<i>pang-</i>	pang-akit, pang-anim, pang-apat, pang-atin, pang-edukasyon, panggabi, panggatong, pangguhit, panghabi, panghukay, pang-ihaw, pang-intinde, pang-is, pangkaraniwan, pangkasal, pangkulay, pangngalan, pang-opisina, pang-ukol, pang-ulam, pang-unawa, pang-uri, pangwakas, pangwalis, pangwalo, pangwika, pangyupi
<i>pina-</i>	pinaalis, pinabalik, pinabasa, pinabukas, pinadala, pinakain, pinalabas, pinaluto, pinasulat
<i>pinaka-</i>	pinakabata, pinakabuod, pinakadiwa, pinakaluma, pinakamahal, pinakamura, pinakasariwa, pinakatangi
<i>sam-</i>	sambeses, sambawan
<i>san-</i>	sandaan, sandaanlibo, sandakot, sandangkal, sandiya, sanlibo, sanlinggo, santambak, santaon
<i>sang-</i>	sang-angaw, sangyuta
<i>sin-</i>	sindami, sinlaki, sinliksi, sintamis, sintibay
<i>tag-</i>	tag-araw, tagbagyo, taggutom, tag-init, taglagas, taglamig, tagsabog, tagsibol, tagtuyot, tag-ulau, tag-unos
<i>taga-</i>	tagaalaga, tagabantay, tagabukid, tagagawa, tagahanga, tagahatid, tagailaw, tagailog, taga-impok, tagalaba, tagalinis, tagaluto, taga-Maynila, taganayon, tagapayo, tagasaliksik, tagasiyasat, tagatakip-butas, tagatangkilik, tagatimog, tagatitulo, taga-ulat
<i>tagapag-</i>	tagapag-alaga, tagapag-ayos, tagapagbalita, tagapagbatas, tagapagbigay, tagapaghatid, tagapaghukom, tagapag-imbestiga, tagapag-ingat, tagapag-impok, tagapaglaban, tagapagligtas, tagapaglingkod, tagapaglinis, tagapagmana, tagapagmaneho, tagapagmasahe, tagapagpahayag, tagapagpanayam, tagapagpasiya, tagapagpayo, tagapagsaliksik, tagapagsalita, tagapagsiyasat, tagapagsumborg, tagapagtanggol, tagapagttaguyod, tagapagturo, tagapagtítulo, tagapag-ugnay

<i>tagapagpa-</i>	tagapagpaganap, tagapagpagunita, tagapagpatibay, tagapagpatupad
<i>tig-</i>	tigalawa, tig-apat, tig-isa
<i>um-</i>	umabot, umagos, umahon, umakbay, umakda, umako, umakyat, umali-pusta, umalis, umalok, umalon, umandar, umapaw, umaraw, umarte, umasa, umayaw, umiba, umibig, umihi, umikot, umilag, umilaw, umiling, uminit, uminom, umisip, umitim, umiwas, umiyak, umubo, umulan, umulit, umunlad, umupa, umupo, umurong, umusok, umutang, umuto, umuwi

## Gitlapi

Ang gitlapi ay panlapi na idinaragdag sa gitna ng salitang-ugat. Ang gitlapping *-in-* o *-um-* ay idinaragdag sa unang pantig ng salitang-ugat.

### Mga halimbawa ng salitang may gitlapi

*-in-*

binaboy, binagyo, binaligtad, binalita, binalot, binaon, binasa, binili, binisita, binuksan, dinala, dinalaw, ginamit, ginastos, ginawa, ginisa, ginuhit, hinakot, hinaplos, hinila, hiniram, hinuli, kinagat, kinain, kinuha, kinurot, kinupit, linagyan, linait, linisan, linitis, minalas, minana, minasdan, pinaksiw, pinulot, pinutol, sinabi, sinagot, sinaing, sinaksak, sinamantala, sinampalok, sinara, sinariwa, sinira, sinulat, sinumpa, tinaboy, tinanggal, tinapon

*-um-*

bumagyo, bumaha, bumaho, bumalik, bumaliktad, bumangon, bumata, bumati, bumato, bumawi, bumisita, bumuo, bumusina, dumaan, dumalaw, dumating, dumayo, dumikit, dumugo, gumaling, gumamit, gumanap, gumanda, gumanti, gumapang, gumawa, gumaya, gumilid, guminhawa, gumising, gumuhit, gumuho, gumupit, humaba, humagupit, humakbang, humalakhak, humalik, humanda, humanga, humantong, humarang, humarap, humatak, humataw, humatsing, humiga, humila, humiling, humina, huminga, humingi, huminto, humiram, humiliwalay, humili, humusga, kumagat, kumain, kumalat, kumanta, kumuha, kumulog, lumaban, lumakas, lumaki, lumangoy, lumapit, lumayo, lumiiit, lumikha, lumindol, lumingon, lumipad, lumipat, lumiwanag, pumalit, pumanaw, pumasok, pumatol, pumayat, pumigil, pumikit, pumutok, sumabit, sumabog, sumakay, sumakop, sumali, sumalubong, sumama, sumayaw, sumigaw, sumikat, suminga, sumobra, sumulat, sumunod, tumaba, tumagal, tumakbo, tumalon, tumalsik, tumanda, tumanggap, tumangkilik, tumawa, tumayo, tumigil, tumikim, tumingin, tumira, tumulad, yumaman, yumaon

## Hulapi

Ang hulapi ay panlapi na idinaragdag sa hulihan ng salitang-ugat.

Kapag ang salitang-ugat na may titik **o** sa huling pantig ay hinuhulapi, ang titik **o** ay pinapalitan ng titik **u**. Halimbawa, ang salitang-ugat na *inom* ay nagiging *inumin*. Ngunit kapag ang huling pantig ay may sinundang pantig na may titik **o** rin, hindi pinapalitan ang **o** ng **u**. Halimbawa, ang salitang-ugat na *loko* ay may **o** sa huling pantig (*ko*), ngunit ang sinundang pantig nito ay may **o** rin (*lo*). Kung ito ay huhulapi, ito ay magiging *lokohan* at *lokohin*, at hindi *lokuhan* at *lokuhin*.

Kapag hinuhulapi ang ibang salitang-ugat na nagtatapos sa titik **d**, ang **d** ay pinapalitan ng titik **r**. Halimbawa, ang salitang-ugat na *lakad* ay nagiging *lakarin*. Minsan ay tinatanggal ang huling titik ng salitang-ugat kapag ito ay hinuhulapi. Halimbawa, ang salitang-ugat na *bili* ay nagiging *bilhin* (*bili* + *-hin*).

Kapag hinuhulapi ang ibang salitang-ugat na nagtatapos sa titik **e** o may **e** sa huling pantig, ang **e** ay pinapalitan ng titik **i**. Halimbawa, ang salitang-ugat na *kape* ay nagiging *kapihan* (*kape* + *-han*). May mga salitang-ugat na din na hindi pinapalitan ng **i** ang **e** kapag ito ay hinuhulapi. Halimbawa, ang salitang-ugat na *sine* ay nagiging *sinehan* (*sine* + *-han*).

Ang mga ganitong halimbawa ay sinusundan ng salitang-ugat sa loob ng panaklong.

## Mga halimbawa ng salitang may hulapi

*-an*

abangan, aklatan, alisan, apakan, bakasyunan (bakasyon), bagalan, balatan, balikan, bali-taan, banggaan, bantayan, batayan, bawasan, bawian, bigasan, bigayan, biglaan, bilangan, bilangguan (bilanggo), bilugan (bilog), bilisan, biruan (biro), buhusan (buhos), bungguan (bunggo), butasan, dahilan, diligan, gabayan, gamasan, gastusan (gastos), gatasan, gawaan, gitgitan, guhitian, gupitan, habulan, hadlangan, halalan, halamanan, halikan, haluan (halo), hanapan, handaan, handugan (handog), hangganan, hantungan (hantong), harangan, harapan, hatian, hatulan (hatol), hawakan, hidwaan, higaan, higpit, himlayan, himpilan, hi-naan, hintuan (hinto), hirapan, hubaran (hubad), hugasan, hulaan, ingatan, inuman (inom), ipitan, isipan, iwanan, iwasan, iyakan, lapitan, libangan, linisan, looban, lubusan (lubos), manukan (manok), nakawan, palayan, palitan, pasukan (pasok), pasyalan, pigilan, sagutan (sagot), sampayan, sanglaan, sayawan, siraan, subukan (subok), sukduulan (sukdol), sulatan, sunugan (sunog), taguan (tago), talaan, tambakan, tamisan, tandaan, tanggapan, tanghalian, taniman, tapakan, tawagan, tawaran, timbangan, tulungan (tulong), ugnayan, unawaan, upuan (upo), uwian, walisan

*-han*

agahan, anihan, asahan, bakahan, baguhan (bago), basehan, basurahan, bilihan, botehan, damihan, damuhan (damo), dotehan, dumihan, gandahan, gantihan, hulihan, isahan, kabahan, kantahan, kapihan (kape), kuwentuhan (kuwento), labahan, lakihan, listahan, lokohan, minahan, parusahan, pinyahan, pirmahan, puntahan, pustahan, sabihan, samahan, sim-

bahan, sindihan, sinehan, sintahan, suspectsahan, tabihan, tampuhan (tampo), tanggihan, tindahan, tirahan, umpisahan, unahan

*-hin*

anihin, apihin, baguhin (bago), bagyuhin (bagyo), baldihin (balde), bilhin (bili), bisitahin, dalhin (dala), debatihin (debate), gabihin, gayahin, gisahin, guluhin (gulo), gustuhin (gusto), harapin, higupin (higop), hilahin, hulihin, insultuhin (insulto), intindihin, imbitahin, isahin, lokohin, plantsahin, punahin, sabihin, samantalahan, suwertihin (suwerte), takbuhin (takbo), tirahin, ubuhin (ubo), umagahin, unahin

*-in*

abutin (abot), alamin, alisin, amain, aminin, angatin, angkinin, antukin (antok), aralin, awitin, babuyin (baboy), bahain, bakbakin, balasubasin, baligtarin (baligtad), basain, batiin, bawiin, bigkasin, bilangin, damdamin, dalawin, galawin, galitin, gamasin, gembalain, gamitin, ganapin, gastusin (gastos), gawain, gibain, ginawin, gipitin, gisingin, gulatin, gulayin, gunitain, guitingin, gupitin, gusutin (gusot), gutumin (gutom), habulin (habol), halungkatin, hamakin, hampasin, hanapin, haplusin (haplos), harapin, hatiin, higitin, hikain, himasin, himatayin, himayin, hintayin, hiramin, hubarin (hubad), inggitin, inisin, inumin (inom), ipitin, ipunin (ipon), isipin, iyakin, kainin, kamutin (kamot), kusutin (kusot), lagnatin, lakarin (lakad), limutin (limot), linawin, lubusin (lubos), lunurin (lunod), lupain, mahalin, malasin, panoorin (panood), pansinin, pasukin (pasok), piliin, pitasin, sagutin (sagot), sakin, sikapin, sipunin (siper), subukin (subok), sugpuin (sugpo), sunduin (sundo), suntukin (suntok), suriin, tadtarin (tadtad), tapusin (tapos), tawagin, tiyakin, ubusin (ubos), ugaliin, ultin, unawain, walisin, yakapin

## Kabilaan

Kapag dalawang panlapi ang idinaragdag sa salitang-ugat, ang uri ng panlaping ito ay tinatawag na **kabilaan**. Sa mga sumusunod na halimbawa, ang posisyon ng salitang-ugat ay tinutukoy ng *(SU)*. Tandaan na ang titik **o** sa huling pantig ng mga salitang-ugat ay pinapalitan ng titik **u** kapag ito ay hinuhulapian. Ang titik **d** sa hulihan ng ibang salitang-ugat ay pinapalitan ng titik **r** kapag ito ay hinuhulapian.

(a) *Unlapi at hulapi*

*ka-(SU)-an, ka-(SU)-han*

kaabalahan, kaalaman, kaanyuan (anyo), kaapihan, kaarawan, kaartihan (arte), kaawaan, kaayusan (ayos), kababaan, kababaihan (babae), kabagalan, kabagsikan, kabalitaan, kabaliwan, kabanalan, kabataan, kabayanihan, kabilugan (bilog), kabiruan (biro), kabuhayan, kabundukan (bundok), kabutihan, kadalagahan, kadalasan, kagamitan, kagandahan, kagiliwan, kagubatan, kagustuhan (gusto), kahabaan, kahalagahan, kaharian, kahinaan, kahirapan, kahulihan, kahusayan, kaibigan, kaisipan, kakayahan, kalagayan, kalakihan, kalalakihan, kalayaan, kaligtasan, kalikasan, kalimutan (limot), kalinisan, kalungkutan (lungkot), kalmalian, kamunduhan (mundo), kapayapaan, kapuluan (pulo), kasarian, kasipagan, katahimikan, katangian, katanungan (tanong), katapatan, katayuan (tayo), katibayan, katuksuhan (tukso),

kaugalian, kaugnayan, kaunlaran (unlad), kawilihan, kayamanan

*in-(SU)-an*

inabutan, inagawan, inalagaan, inalisan, iniwanan, inupuan (upo), inutangan, inutusan (utos)

*ma-(SU)-an/ma-(SU)-han*

maanakan, maasahan, maabutan (abot), maagahan, maawan, mabaguhan (bago), mabalian, mabalitaan, mabanlawan, mabawasan, mabayaran (bayad), mabigatan, mabinyagan, mabitiwan, madumihan, madungisan, magabihan, magandahan, magantihan, magasgasan, maguluhan (gulo), mahandugan (handog), mahirapan, mahulaan, mainitan, maintindihan, maisipan, maiwanan, maiwasan, makursunadahan, malabanan, malamigan, malampasan, malimutan (limot), mamukhaan, manakawan, mapantayan, masaksihan, masiraan, masulatan, masulyapan, masumpungan (sumpong), maramihan (dami), matagpuan (tagpo), matandaan, matauhan, matigilan, matirahan, matiyempuhan (tiyempo), matugunan (tugon), matuklasan, matularan (tulad), matulungan (tulong), matuluyan (tuloy), matunugan (tunog), maubusan (ubos), maulanan, maunawaan, mawalan

*ma-(SU)-in/ma-(SU)-hin*

maasahin, maawain, mabayaran (bayad), mabiglain, mabutihin, madaliin, madasalin, magalitin, magandahin, mahabagin, mahiyain, mainggitin, mainipin, mainitin, malimutin (limot), mapunahin, mapuntahan, masakitin, masamain, masayahin, masimbahin, masindakin, masintahin, masunurin (sunod), matakutin (takot), matampuhin (tampo), matapatin, matulungin (tulong), maunawain

*mag-(SU)-an, mag-(SU)-han*

mag-agahan, mag-agawan, mag-awitan, magbarilan, magbatian, magbatuhan (bato), magbiruan (biro), magdagsaan, magdaldalan, magdayaan, magdemandahan, maggantihan, maghalikan, maghampasan, maghintayan, mag-ibigan, mag-insultuhan (insulto), magkaliwaan, magkampihan, magkamutan (kamot), magkantahan, magkindatan, magkuwentuhan (kuwento), maglabanan, maglabasan, maglamangan, maglasingan, maglinawan, magpalitan, magsulatan, magtawanan, magtulungan (tulong), mag-unahan

*magka-(SU)-an, magka-(SU)-han*

magkabalitaan, magkabanggaan, magkabungguan (bunggo), magkagiliwan, magkagustuhan (gusto), magkahiyaan, magkaibigan, magkainitan, magkaintindihan, magkalakalan, magkaliuhuan (lito), magkaliwanagan, magkasagutan (sagot), magkasalitaan, magkasalungatan, magkasintahan, magkasunduan (sundo), magkatinginan, magkatitigan, magkatulungan (tulong), magkatiwaan, magkaunawaan

*makipag-(SU)-an, makipag-(SU)-han*

makipag-agawan, makipagbatuhan (bato), makipagbiruan (biro), makipaggiitan, makipag-inuman (inom), makipaglabanan, makipagsagutan (sagot), makipagsulatan, makipagtawaran (tawad), makipagtulungan (tulong)

*mapag-(SU)-an, mapag-(SU)-han*

mapaghinalaan, mapaghandaan, mapagpasiyahan, mapagtiiisan, mapagtiyagaan

*na-(SU)-an, na-(SU)-han*

nabalikan, nabayaran (bayad), nagustuhan (gusto), nahadlangan, nahirapan, nahulihan, naibigan, naintindihan, naisipan, naiwanan, naiwasan, namalayan, namukhaan, nasiraan, nasugatan, natagalanan, natagpuan (tagpo), natandaan, natauhan (tao), natuluyan (tuloy), natunugan (tunog), naubusan (ubos), naunahan, naunawaan, nawalan, nawikaan

*nag-(SU)-an, nag-(SU)-han*

nagbalikan, nagdahilan, nagkaibigan, nagsisihan, nagtulungan (tulong)

*pa-(SU)-an, pa-(SU)-han*

paaralan, pabilisan, pagalingan, pagamutan (gamot), pagawaan, pahabaan, pahugasan, pakasalan, paliparan (lipad), papalitan, papintahan, paramihan (dami), pasugalan

*pa-(SU)-in, pa-(SU)-hin*

pabilisin, padakilain, pagalakin, paganapin, pagandahin, paiyakin, pakainin, palaganapin, palaguin (lago), palakihin, pasayahin, patakbu hin (takbo), patulugin (tulog), patuyuin (tuyo), palakarin (lakad), palaruin (laro), paligayahin, patuparin (tupad), payamanin

*pag-(SU)-an, pag-(SU)-han*

pag-awayan, pagbuhatan, paghigantihan, pagkainan, paglutuan (luto), pagsabihan, pagtawanan, pagtulungan (tulong), pag-usapan, pag-utusan (utos)

*pag-(SU)-in, pag-(SU)-hin*

pagdikitin, pagdugtungin (dugtong), paglapitin, paglinisin, pagluuin (luto), pagsamahin

*pala-(SU)-an*

palabigasan, palaisdaan, palaisipan, palasing singan, palatandaan, palatulaan

*pinag-(SU)-an, pinag-(SU)-han*

pinag-aran, pinagbatayan, pinagbuhatan, pinagdaanan, pinaggupitan, pinaghirapan, pinaghugasan, pinagkrusan, pinagmanahan, pinagsabihan, pinagsalitaan, pinagsamahan, pinagsamantalahan

*sang-(SU)-an, sam-(SU)-an, san-(SU)-an*

sambayanan, sandaigdigan, sanduguan (dugo), sanlibutan (libot)

### (b) *Unlapi at gitlapi*

ibinaba, ibinabad, ibinalik, ibinalot, ibinangga, ibinanggit, ibinangon, ibinawas, ibinigay, ibinili, ibinuka, idinamay, idinulot, idinura, iginalaw, iginamot, iginapos, iginaya, ipinadpad, ipinahid, ipinako, ipinalo, ipinangako, ipinasa, ipinasok, ipinasyal, ipinatong, ipinayo, ipinilit, isinaad, isinagad, isinakay, isinali, isinalin, isinama, isinauli, isinubo, isinuko, isinulat, isinuot, itinaas, itinabi, itinagal, itinago, itinaguyod, itinahi, itinakas, itinakda, itinakwil, itinala, itinali, itinambak, itinanggi, itinapon, itinatag, itinawag, itinaya, itinayo, itinupi, magpumiglas, magpumilit, magsumigasig, magsumigaw, masumikap, magsumugod, sansinukob, santinakpan

(c) *Gitlapi at hulapi*

binawasan, binalikan, binalitaan, binantayan, binawalan, binawian, binayaran (bayad), binentahan, binitawan, binuhusan (buhos), dinaanan, dinalian, dinamihan, dinapuan (dapo), diniligan, ginamitan, ginantimpalaan, ginastusan (gastos), ginintuan (ginto), hinabaan, hinalikan, hinaluan (halo), hinatian, hinawakan, hininaan, kinabahan, kinagatan, kinapalan, pinalitan, pinanigan, pinarisan, pinarusahan, pinatulan (patol), pinigilan, pininturahan, pinuntahan, pinutulan (putol), sinabihan, sinamahan, sinambahan, sinampahan, sinampalukan (sampalok), sinapian, sinapinan, sinigawan, sinimulan, sinindihan, siningitan, siniraan, sinubuan (subo), sinubukan (subok), sinulatan, tinabihan, tinamaan, tinandaan, timanggihan, tinapalan, tinapunan (tapon), tinawanan, tinawaran, tinibayan, tinigilan, tinirahan, tinubuan (tubo), tinulungan (tulong), tinuruuan (turo)

### **Laguhan**

Kapag ang salitang-ugat ay may panlapi sa unahan, gitna, at sa hulihan nito, ang uri ng panlaping ito ay tinatawag na **laguhan**.

#### **Mga halimbawa ng salitang may laguhan**

ipagsumigawan (salitang-ugat: sigaw, unlapi: *ipag-*, gitlapi: *-um-*, hulapi: *-an*)

magbinagoongan (salitang-ugat: bagoong, unlapi: *mag-*, gitlapi: *-in-*, hulapi: *-an*)

magsinampalukan (salitang-ugat: sampalok, unlapi: *mag-*, gitlapi: *-in-*, hulapi: *-an*)

nagdinuguan (salitang-ugat: dugo, unlapi: *nag-*, gitlapi: *-in-*, hulapi: *-an*)

napagsumikapan (salitang-ugat: sikap, unlapi: *napag-*, gitlapi: *-um-*, hulapi: *-an*)

pagsumikapan (salitang-ugat: sikap, unlapi: *pag-*, gitlapi: *-um-*, hulapi: *-an*)

sansinukuban (salitang-ugat: sukob, unlapi: *san-*, gitlapi: *-in-*, hulapi: *-an*)

tagapagdinuguan (salitang-ugat: dugo, unlapi: *tagapag-*, gitlapi: *-in-*, hulapi: *-an*)